# Recent Vernacular Books from the Philippines – Dec 2023

Mary Martin Booksellers Pte Ltd
Blk 231, Bain Street
#03-05, Bras Basah Complex
Singapore 180231
Tel : +65-6883-2284/6883-2204
info@marymartin.com
www.marymartin.com

## *Cinema Studies*

Ang Mahaba't Kagyat Na Buhay Ng Indie Sinema / (Eds) Rolando B. Tolentino & Aristotle J. Atienza
Quezon City: University of the Philippines Press, 2023
xiv, 610p.
Includes Index
9786210900217

1. Independent films – Philippines.
2. Independent films – Criticism and Interpretation.
3. Motion pictures – Philippines.

$ 50.00 / PB
1096gm.
**http://www.marymartin.com/web?pid=859857**
------------------------------------------------------------------------------------------

## *Literature*

Abg Bisa Ng Pag-Uulit Sa Katutubong Panitikan / Alvin B. Yapan
Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2023
314p.
9786214482900

1. Folk literature, Philippine – Criticism and interpretation.
2. Epic literature, Philippines.

$ 35.00 / PB
480gm.

Binabalikan ng kasalukuyang pag-aaral ang katangian ng pag-uulit sa katutubong panitikan nang ginagamit na primaryang teksto ang nanang ni Taguwasi, suguidanon ni Humadapnon, at hlolok ni Tud Bulul. Nagiging batayan ang galaw ng pag-uulit upang makapaglarawan ng poetika ng pag-uulit na magagamit sa pagkaunawa ng proseso ng malikhaing produksiyon sa katutubong panitikan.
Naghahain dito ng isang paraan kung paano kaya maaaring mabalikan ang mga pag-aaral sa estetika nang hindi ulit nagpapakulong sa mga dualismo ng anyo/nilalaman at sining/propaganda na matagal nang kinahiratihan ng mga metodo ng panunuring pampanitikan sa bansa. Isinasakatuparan ang ganitong proyekto sa pamamagitan ng pag-uugnay ng poetika ng pag-uulit sa mga kategorya ng galaw (*movement*) at kasidhian (*intensity*), na naglalarawan ng mga pagpapadaloy ng proseso sa halip na pagbubuo ng mga estruktura ng pagsusuri.
Sa pagtingin sa katutubo at moderno, pabigkas at pasulat bilang magkatuluyan, ipinapanukalang dalhin ang poetika ng pag-uulit sa pagpapahalaga din sa mga modernong anyong pampanitikan tulad ng maikling kuwento at nobela. Sa huli, matatagpuan dito ang isang proyekto ng dekolonisasyon na nagsisikap mabigyan ng higit na pangunahing papel ang

katutubong panitikan, partikular ang anyong epiko, sa paghubog ng pambansang panitikan at pagtasa ng mga kontemporanyong malikhaing produksiyon.
**http://www.marymartin.com/web?pid=859858**
------------------------------------------------------------------------------------------
Mula Ilog at Iba Pang Kuwento | Alum Goli Ta Abi Gnap Otnewuk / Romula P. Baquiran Jr. & Olumor P. Nariuqab Rj.
Quezon City: University of The Philippines Press, 2023
xiv, 158p. ; 23cm.
9786210900088
The Philippine Writers Series 2023
$ 20.00 / PB
244gm.

Sa koleksiyon ng mga kuwento, dinala tayo ni Baquiran mula sa nakaraan (panahon ng Hapon) hanggang sa kasalukuyan (pandemya) kasama ng mga lugar, tauhan at kuwentong dati na nating alam ngunit ngayon, muli nating inaalam. Nanariwa ang mga sugat na hatid ng mga pangyayari sa buhay ng mga tauhan (na karaniwang tao) na biktima ng mga sitwasyong patuloy na lumalaban at mahigpit na nangungunyapit kahit sa huling hibla ng pag-asa. –EROS SANCHEZ ATALIA - Kuwentista *** Madaya kung basahin ang mga kuwento ni Baquiran. Sa payak at simpleng estilo, mababanaag agad sa umpisa kung ano ang paksa at daluyong ng kanyang naratibo: batang kaibigang nalunod sa "Mula Ilog," istokwa na nakipagsapalaran sa Maynila sa "Bigas," o isang ketongin sa "Manhid." Ngunit sa malaong pagbabasa, mapagtatantong hindi lang pala ito umiikot sa inaasahang kuwento. Mayaman at malawak ang pinapaksa ng mga kuwento–mula sa panahong nanakop ang mga Hapon hanggang sa kasalukuyang hinahagupit ang bayan ng matinding mga sakuna at pandemya. Ngunit kayang-kaya niyang balansehin ang pagsasalikop ng mababaw at malalim na tema sa mga kuwento. Isa itong katangian ng magaling na kuwentista. Oo, madaya ang mga kuwento ni Baquiran. Dahil madaya siya magkuwento. Ngunit kalimitan, kailangang madaig ng daya ang sarili upang mapukaw at mahulò ang katotohanan. –JOHN JACK G. WIGLEY - Guro at Manunulat
**http://www.marymartin.com/web?pid=859859**
------------------------------------------------------------------------------------------
Trilohiya ng mga Bilang (Box Set: Volumes 1-3) / Edgar Calabia Samar
Bagong Edisyon (New Edition)
Quezon City: Bughaw (Ateneo de Manila University Press), 2023
3v.
Vol. 1 : Walong Diwata Ng Pagkahulog
334p. ; 20.32cm.
9786214482849
Vol. 2: Sa Kasunod 909
312p. ; 20.32cm.
9786214482863
Vol 3: Teoriya Ng Unang Panahon
324p.
9786214482887
$ 55.00(Set)/ PB

1. Suspense fiction, Filipino.
2. Short stories, Filipino.

1016gm.

Book Details:
Narito ang trilohiyang pawang nakalunan sa San Pablo at sa Marikina sa iba't ibang panahon at sa iba't ibang mundo para pagmunian ang saysay ng kabataan at kasarian at kagila-gilalas sa paghubog ng mga buhay na magkasabay na binubuo't binabaklas ng mga balangkas ng damdamin

at disenyo’t kabiguan ng bayan at santinakpan. Nakatanggap ang tatlong nobelang ito ng iba’t ibang malalaking parangal sa panitikan sa loob ng tatlong dekada: 2005 NCCA Writers’ Prize para sa *Walong Diwata ng Pagkahulog*, 2013 National Book Award para sa *Sa Kasunod ng 909*, at 2022 Gawad Palanca para sa *Teorya ng Unang Panahon*.
**http://www.marymartin.com/web?pid=859860**
------------------------------------------------------------------------------------------
Mga Papel ni Benengeli: Mga Kontemporaryong Maikling Kuwento mula sa Mundo ng Mga Tagapagsalita ng Wikang Espanyol / Jose Balza (et al.)
Pasig City: Milflores Publishing, Inc., 2023
204p.
9789718281352
$ 25.00 / PB
220gm.

Ang *Mga Papel ni Benengeli: Mga Kontemporaryong Maikling Kuwento mula sa Mundo ng Mga Tagapagsalita ng Wikang Espanyo*l ay isang bigkis ng mga kuwentong salin sa Espanyol mula sa mga manunulat na galing sa mga bansang Puerto Rico, Cuba, Venzuela, Panama, Chile, at Espanya. Ipinapakita sa koleksyong ito ang pagkakaiba ng mga kontemporaryong karanasan mula sa Latin America at España sa pamamagitan ng maikling kuwento na ngayo'y mababasa na sa wikang Filipino. Napapaloob dito ang mga manunulat na si Antonio Diaz Oliva (Chile), Jose Balza (Venezuela), Carlos Wynter Melo (Panama), Alumeda Sanchez (Espanya), Ana Lydia Vega (Puerto Rico), Karla Suarez (Cuba)
**http://www.marymartin.com/web?pid=859861**
------------------------------------------------------------------------------------------

## *Psychology*

Bakit Mahirap Mag Move-On? / Clementine Reyes-Valdoz
Quezon City: Central Book Supply, Inc., 2023
96p.
9786210222104
$ 20.00 / PB
128gm.

Maaaring hindi naiiba ang karanasan ni Tes sa atin. Nagmahal...Niloko... Nasaktan...Iniwan... Marahil sa iba ilang araw lang okay na. Masaya na ulet. Pero sadyang may mga tao na buwan o taon ang bibilangin para maghilom. Dahil hindi biro ang magmahal at ibigay ang puso mo ng buong-buo.
Kagaya mo rin kaya si Tes na paulit-ulit na lang na tinatanong ang sarili 'Anong mali sa akin?', 'Ano ang kulang sa akin?' at 'Bakit mahirap mag move-on?'
**http://www.marymartin.com/web?pid=859862**
------------------------------------------------------------------------------------------

## *Religion – Christianity*

Ang Maganda Sa Teolohiya / Jose M. deMesa (et al.)
Quezon City: Claretian Communications Foundationa, Inc., 2017
xii, 124p.
9786214260126
$ 11.00 / PB
140gm.

Paano ba mag-isip ang Pilipino tungkol sa buhay pamumuhay at pakikipamuhay? Ang 'kultural'na tanong na ito ang siyang nagtulak sa mga teologong may-akda na siyasatin ang sariling karunungan at henio ng kulturang Pilipino gamit ang salamin ng Kristiyanong pananampalataya na nakatuon sa katutubong konsepto ng "Ganda." Sa medaling salita ang aklat na ito ay nabuo dahil sa pagnanais ng mga may-akda na maisulong ang isang natatanging pagteteolohiya na nakaugat sa katutubong kultura at gamit ang wikang Filipino.
**http://www.marymartin.com/web?pid=859863**
-----------------------------------------------------------------------------------------